

1. Tungkol sa Eksperimentong Shared-Cycle System.

Ang eksperimentong Shared-Cycle System ay isinasagawa sa downtown na bahagi ng Tochigi City mula umpisa ng Agosto hanggang sa ika-30 ng Oktubre. Ang proyekto na ito ay isang paraan upang ibahagi ang paggamit ng mga bisikleta sa lahat kung kinakailangan. Sa social expermient na ito ay nagtalaga ng may walong (8) istasyon sa pagitan ng Tochigi at ShinTochigi Station upang ilagay ang may kabuuang tatlumpung bisikleta na may de-kuryenteng motor. Ang mga bisikletang ito ay maaaring mahiram 24 oras at pwedeng ibalik kahit saan sa walong itinalagang istasyon.

Upang magamit ang serbisyo ay dapat idownload ang App na “Hello Cycling” sa ating mga smartphones at magparehistro. Ang renta ay nagkakahalaga ng 70¥ sa bawat 15 minuto at 1,000¥ sa 12 oras na pagsakay dito. Maaring magamit at mahiram ang mga bisikleta sa iba’t-ibang

Layunin gaya ng paglilibot sa mga pasyalan ng lungsod at ganundin sa pag-commute sa eskwela o pagpasok sa trabaho. Kaya gamitin natin ito.

Dapat lang tandaan na ang mga itinalagang istasyon ay para lamang sa Share Cycle at hindi maaring mag-iwan ng mga pangkaraniwang bisikleta sa mga nasabing paradahan.

2. Tungkol sa Pagtanggap ng mga Applications para sa Pagpasok sa mga Nursery Schools at mga Katulad na Pasilidad sa Susunod na Academic Year na 2023.

Mula sa umpisa ng Setyembre ay tatanggapin na ang mga aplikasyon para sa pagpasok sa mga Nursery Schools at iba pang katulad na pasilidad sa susunod na taon ng 2023. Ang mga pasilidad na ito ay mga lugar na nag-aalaga ng mga bata pansamantala habang ang kanilang mga magulang o ang tagapag-alagang miyembro ng pamilya ay hindi kayang maalagaan sa araw ang mga bata dahil sa trabaho o iba pang mga kadahilanan.

Ang pagpasok sa mga paalagaan ng mga ito ay nakasalalay sa kawalahan ng kakayahang ng mga magulang na pangalagaan ang mga bata.

Kasama sa mga kinakailangan upang mailagay ang mga bata sa paalagaan ay ang pagtrabaho ng mga magulang ng hindi bababa ng 64 oras kada buwan, pagbubuntis, panganganak, pagkakaroon ng sakit o karamdaman ng magulang o ng guardian, ganundin ang pagkakaroon ng kapansanan ng magulang na kinakailangan din ang pangangalaga.

Ang mga applications ay tatanggapin mula sa umpisa ng Setyembre hanggang sa ika-30 ng parehong buwan sa Child Care Section ng ikalawang palapag ng main building ng munisipiyo. Maaari ring isumite ang mga applications sa Community Development Promotions Counters sa mga sangay ng cityhall. Kung naghahanap pa ng trabaho ang magulang ay maaari pa rin isumite ang mga nasabing applications mula sa umpisa ng Oktubre. Ang mga dokumento na kailangan sa pag-apply ay ang nafill-upan na application form para sa pagpasok ng bata sa paalagaan, application form din na nagsasaad ng kalagayan ng bawat miyembro ng pamilya at kung nagtrabaho ay ang katunayan o employment certificate na katibayan na likha ng employer. Mahalagang matiyak ang lahat na kinakailangang dokumento bago mag-apply.

3. Tungkol sa Pag-apply ng My Number's Card at ng My Number's Point

Ang My Number's Card ay ginagamit sa tatlong aspeto, ito ay sa Social Security, sa usapin sa buwis at sa pag-iwas sa mga sakuna. Sa unang pagkakataon na magparehistro at igagawad ang residential certificate sa Japan ay itatalaga ang 12 digits na numero na kung tawagin ay ang ating My Number.

Ang bawa't isa sa atin ay naiiba ang My Number at bilang tuntunin, ang itinalagang numerong ito ay gagamitin sa ating buong panahon ng ating pamumuhay dito at kung sa pagkakataong umalis ngunit bumalik na naman sa Japan upang manirahan ay ang mismong mga parehong numero pa rin ang itatalaga sa ating resident certificates.

Ang lungsod ng Tochigi ay nagbibigay ng libreng assistance para sa mga nagnanais mag mag-apply at magkaroon ng My Number's Card. Tinatanggap ang application sa "Shimin Seikatsu-Ka" o ang Civic Livelihood Section sa ikalawang palapag ng main building ng munisipiyo at ganundin sa Community Development Promotion counter ng ibat-ibang mga sangay ng munisipiyo.

Sa application ay kakailanganin ang I.D o anumang mapagkakakilanlan gaya ng Alien Card. Hindi na kailangan magdala na sariling larawan dahil doon mismo sa tanggapan kukunan ng litrato. Ang aplikante ay dapat personal na gagawa ng aplikasyon para dito.

Ang My Number's Card ay may katulad na expiration date sa ating Alien Card. Kung ang expiration ng Alien Card halimbawa ay may isang buwan na lamang, dapat irenew muna sa immigration ang Alien Card pagkatapos ay mag-apply ng renewal ng My Number's Card. Kung may pagbabago sa pangalan o tirahan ay dapat na ipagbigay alam ito sa munisipiyo sa loob ng 14 na araw upang mailagay ang bagong impormasyon sa Alien Card. Bilang karagdagan, ang lungsod ay nagbibigay rin ng assistance sa proseso na may kinalalaman sa application para sa My Number's Point (MyNa

Points).

Sa MyNa Points ay maaring tumanggap ng points na nagkakahalaga ng hanggang 20,000¥ para sa serbisyo ng cashless payments gaya ng e-money, QR code at credit card payments sa pamamagitan ng pagkakaroon ng MyNa Points. Sa pag-apply ng MyNa Points ay dapat may kasamang marunong magsalita ng wikang hapon. Ang deadline para sa aplikasyon sa My Number's Card na napapailalim sa MyNa Points ay sa katapusan ng Setyembre taong 2022.